



COUNTY NG SAN DIEGO

# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-28 ng Oktubre, 2019

Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

## Boboto para sa Presidente? Siguraduhin na ang Balota ay may Opsyon na Gusto Ninyo

Ang opisina ng Tagapagrehistro ng County ng San Diego ay magpapadala ng halos 1.8 milyong mga postkard sa mga nakarehistrong botante ng County sa mga darating na linggo upang ipaalam sa inyo na ang inyong pampulitikang partidong rehistrasyon ay tinutukoy kung sinong mga pampanguluhang primaryang kandidato ang makikita sa inyong balota sa Ika-3 ng Marso, 2020 na primaryang eleksyon.

Kung gayon - sino ang maaari ninyong iboto? Ito ay nakadepende kung paano kayo nakarehistro. Ang lahat ng mga nakarehistrong botante ay malalagay sa isa sa dalawang mga kategorya.

### 1. Nakarehistro sa isang Pampulitikang Partido

Kung nakarehistro kayo sa isa sa anim na mga pampulitikang partido sa California, ang inyong balota ay ililista lamang ang mga pampanguluhang primaryang kandidato ng partidong iyon. Maaari niyo lamang iboto ang mga pampanguluhang primaryang kandidato ng partidong iyon.

Kung ang inyong partidong rehistrasyon ay naiiba sa partido ng pampanguluhang primaryang kandidato na nais ninyong iboto, kakailanganin ninyong magparehistro para makaboto sa partido na iyon.

### 2. Nakarehistro bilang Walang Partido

Kung nakarehistro kayo bilang walang partido (kinikilala rin bilang independyente o walang preperensyang partido), ang inyong Ika-3 ng Marso na balota ay hindi ililista ang pampanguluhang primaryang kontest o mga kandidato. Mahigit sa 550,000 na mga botante sa County ng San Diego ang nakarehistro bilang walang partido. Kung isa kayo sa mga iyon, maaari na kayong gumawa ng mga hakbang ngayon upang makaboto para sa isang pampanguluhang kandidato sa primarya.

- Mga Pampulitikang Partido na **Pinapayagan** ang mga Botanteng Walang Partido na Mag-crossover

Ngayong taon, ang American Independent, Democratic at Libertarian na partido ay pinapayagan ang mga botanteng walang partido na makilahok sa kanilang mga pampanguluhang primaryang eleksyon.

Ngunit ang mga botanteng walang partido ay dapat humiling ng isa sa mga balota ng tatlong partidong ito upang makaboto para sa pampanguluhang primaryang kandidato ng partidong iyon. Ang pagpili ng isa sa mga balota ng tatlong partidong ito ay hindi kayo irerehistro sa partidong iyon. Mananatili kayo bilang isang botanteng walang partido.

Mahigit sa 300,000 na mga botanteng walang partido ay mga permanenteng botante ng balotang pangkoreo rin. Kung isa kayo sa mga iyon, makakakuha kayo ng isang postkard na humihiling sa inyo na ipaalam sa opisina ng Tagapagrehistro ang inyong napiling partidong balota bago ang Ika-6 ng Enero, para makasama ito sa unang pagpapadala ng mga

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE

1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101-2472



# COUNTY NG SAN DIEGO

## MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-28 ng Oktubre, 2019

balotang pangkoreo na lalabas sa linggo ng Ika-11 ng Pebrero. Kung hindi, matatanggap ninyo ang walang partidong balota, na hindi maglalaman ng pampanguluhang kontest.

Tandaan din na ang Democratic Party ay pinapayagan ang mga botanteng walang partido na makaboto sa pampanguluhang kontest nito pero hindi sa central committee na kontest nito. Kung hiniling, makakatanggap kayo ng isang walang partidong bersyon ng Democratic na balota.

- Mga Pampulitikang Partido na **Hindi Pinapayagan** ang mga Botanteng Walang Partido na Mag-crossover

Ngayong taon, ang **Green, Peace and Freedom** at **Republican Parties** ay sinara ang kanilang pampanguluhang primarya sa mga botanteng walang partido.

Ang ibig sabihin nito ay kailangan nakarehistro kayo sa isa sa mga partidong iyon upang makaboto para sa kanilang mga kandidato ng pampanguluhang primaryang eleksyon. Ang mga botanteng walang partido ay hindi makakapili ng isa sa mga balotang ito. Ang mga botanteng walang partido na nais ang isa sa mga balotang ito ay kailangan [muling magparehistro](#) sa partidong iyon.

Kung anuman ang inyong preperensyang partido, ang lahat ng nakarehistrong botante ay pinapayagang bumoto sa mga walang partidong kontest at mga katungkulang nominado-ng-botante, katulad ng mga katungkulan sa U.S. congressional state legislative. Ang dalawang makakakuha ng pinakamaraming-boto sa mga kontest na nominado-ng-botante ay makakasulong sa pangkalahatang eleksyon sa Nobyembre.

Hindi sigurado kung paano kayo nakarehistro o kung nakarehistro kayo para makaboto? Maaari ninyong [i-tsek ang inyong rehistrasyon](#), [muling magparehistro at magparehistro para makaboto](#) sa [sdvote.com](#). Ang opisina ng Tagapagrehistro ay hinihikayat kayong gawin ito nang maayos bago ang Ika-17 ng Pebrero, 2020 upang maiwasan ang mahabang pagkaantala sa Araw ng Eleksyon.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o bisitahin ang [sdvote.com](#). Maaari kayong makahanap ng karagdagang mga resource tungkol sa paparating na eleksyon [dito](#).

###

COUNTYNEWSCENTER  

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE  
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101-2472